

1

Mabato at baku-bako ang daang tinatahak ni Natalie mula sa Barrio San Isidro papunta sa Lukutang Maliit kung saan nakatira ang kanyang Lola Matilda. Pakiramdam niya ay tumagos na ang init sa kanyang talampakan bago narating ang burol na kinatitirikan ng malaking bahay na yari sa capiz at kahoy. Saradung-sarado ang kabahayan na parang walang nakatira roon. Kumatok siya sa pinto habang pinapahid ang tumatagaktak na pawis.

Muntik na siyang mapatili nang biglang bumukas iyon at sumungaw ang isang kubang lalaki.

“Susmaryosep naman, Tiyo Satur! Ginulat n’yo ’ko!”

Umungol lamang ang tiyuhin niyang kuba. Pinsan ito ng nanay niya, anak ni Lola Matilda.

Dere-deretso siyang tumuloy sa loob ng bahay. Inabutan niya ang kanyang lola na nakaupo sa tumba-tumba at naggagantsilyo. Lumapit siya rito. “Mano po, Lola.”

“Kanina pa kita hinihintay; alam kong darating ka,” malamig nitong tugon.

Nagulat siya. “Ho?”

“Nadama ko, Natalie.”

Weird! sa loob-loob niya.

Para namang nabasa ng matanda ang nasa isip niya at pinandilatan siya nito ng mga mata.

Napangiti na lamang siya rito, pagkuwa’y binago ang usapan. “Dito ho muna ako, Lola; ngayong weekend lang. Magpapalipas lang ho ako ng sama ng loob.”

“Palagi ka na lamang bang magpapalipas ng sama ng loob?”

“Ano ho ang ibig n’yong sabihin?”

“Ayaw mo bang gumanti sa lalaking nanloko sa iyo?”

“Ho?” takang tanong niya.

“Baka ’ika ko’y gusto mong lumpuhin o di kaya’y bulagin ang lalaking iyon.”

“Ang gross mo naman, Lola!”

“Anong ‘gross?’”

“Ang ibig ko hong sabihin, masama ho ang iniisip n’yo.”

“Ano bang masama, eh, siya itong gumawa ng hindi mabuti sa iyo, Apo.” Galit na si Lola Matilda.

“Tama na po, Lola. Hindi naman ho kasalanan ni Ricky kung umibig siya sa iba. Siguro ho, talagang hindi kami para sa isa’t isa.”

“Kuu! Ang batang ire at ipinagtanggol pa ang taksil na lalaking iyon!”

“Lola, nakipaghiwalay ho sa akin nang maayos si Ricky. Sinunod lang niya ang gusto ng puso niya kaya hindi ko ho magagawang magalit sa kanya.”

“Eh, ano’ng dahilan at magpapalipas ka ng sama ng loob?”

Bumuntunghininga siya. “Hindi naman ho ang pakikipaghiwalay sa akin ni Ricky ang ikinasasama ng loob ko. Naguguluhan lang ho ako kung bakit wala akong suwerte sa pag-ibig. Aminin mo nga sa akin, Lola... pangit ba ako?”

Parang na-high blood sa tanong niya ang matanda. “Ano ka ba naman, Natalie! Walang pangit sa lahi natin, tandaan mo ’yan!”

Muntik na siyang masamid. Ano ba namang wala? Hayun nga at nuknukan ng kapangitan ang kanyang Tiyo Satur!

Para namang napahiya si Tiyo Satur sa sinabi ng ina nito at kaagad itong nagpaalam. “Inay, ipaghahanda ko lang ho ng tanghalian si Natalie.”

“Sige nga, Satur, at pihong gutom na ireng pamangkin mo.”

“Wala naman ho akong ganang kumain, Lola.”

“Ano bang walang gana? Kalimutan mo ang diyaskeng lalaking iyon at hintayin mo ang katapat na tuntong ng palayok.”

Natawa siya. “Ano’ng sinasabi n’yo, Lola?”

“Ang bawat palayok ay may katapat na tuntong; gayundin ang bawat tao, bawat isa’y may katapat.”

“Si Lola, at ginawa pa akong palayok. Ang masama’y mabasag ang palayok nang hindi nahahanap ang tuntong,” biro niya.

“May alam akong paraan para hindi ka umabot sa ganoon, Natalie.”

Nangiti siya sa tinuran nito. “Ano, Lola, mamimikot na lang ako?”

“Gayuma! Gagayumahin mo ang lalaking mapupusuan mo.”

Lalo siyang natawa. “Gayuma? Totoo ba iyon?”

“Totoo, at marami akong alam na gayuma.”

“Hindi ako naniniwala, Lola, at kahit na totoo ’yan, hindi pa ho ako ganoon kadesperada para gumamit ng gayuma.”

Napangiti si Lola Matilda, parang nanunukso ito nang magsalita. “Makikita natin, Natalie, makikita natin.”

Kinagabihan, matagal nang nakahiga si Natalie ay hindi pa rin siya dalawin ng antok. Kahit ano ang pigil niya ay pilit pa ring nagbabalik sa kanyang alaala ang mga natamo niyang kabiguan sa pag-ibig.

Noong una ay kay Johnny, kaklase niya sa kolehiyo. Unang taon pa lamang niya sa kursong Commerce nang maging kaklase ang lalaki. Unang kita pa lang niya rito ay lihim na niya itong itinangi. Mabait naman si Johnny at parang may pagtingin din sa kanya. Akala nga niya ay liligawan na siya nito dahil panay ang pagpapalipad-hangin nito sa kanya. Madalas na nga siya nitong yayaing magmerienda at mamasyal sa park. Ang kaso, may isang Eliza na umeksena. Kamukat-mukat niya ay magnobyong na ang dalawa.

Ang sama-sama ng loob niya noon. Napahiya siya

Kung Sana'y Totoo Ang Pag-ibig Mo - Melissa Santos

sa mga kaibigan niya pero higit sa lahat, napahiya siya sa sarili. Ilang gabi pa naman niyang pinag-isipan kung magpapakipot ba siya o sasagutin kaagad ang magaling na Johnny kapag nagtapat ito, iyon pala ay ni hindi man lang siya liligawan nito. Nasayang lang ang sleepless nights niya!

Graduating na siya nang makilala naman si Bong sa party ng isang kaibigan niya. Guwapo at gentleman ang lalaki; napakatamis ng ngiti nito, at kung makatitig, para siyang matutunaw!

Mula nang maipakilala sila sa isa't isa ay hindi na siya hiniwalayan ng simpatikong lalaki; ni hindi siya pinayagang maisayaw ng ibang boys. Palaging sila ang magkapareha. Feeling beautiful tuloy siya noon, lalo na nang ihatid pa siya nito sa kanilang bahay.

Lalo siyang kinilig nang isang araw ay abangan siya nito sa gate ng kolehiyong pinapasukan niya. Nagkataon pa namang nasa likuran lang nila ang magnobyong Johnny at Eliza. Talaga namang taas-noo siya noon nang lumapit sa kanya si Bong at sabayan siya sa paglalakad. Sa loob-loob niya, *Hmp! 'Tsura n'yong dalawa! Mas guwapo yata si Bong kesa sa 'yo, Johnny!*

Sa madaling salita, nanligaw sa kanya si Bong at sinagot niya ito. Pero pulos sakit ng loob lang pala

Kung Sana'y Totoo Ang Pag-ibig Mo - Melissa Santos

ang mapapala niya sa pakikipagnobyong rito. Masyado itong babaero; napakaboka sa chicks. Huwag lang masuotan ng palda ang poste ay papatusin nito. Hindi lang niya ito miminsang nahuli na may kasamang iba. Nang una ay nagpasensya siya ngunit nang lumaon ay napuno na rin siya at nakipaghiwalay rito.

Matagal bago siya muling umibig. Twenty-six na siya at nagtatrabaho na bilang teller sa pinakamalaking bangko sa bayan nila nang makilala si Ricky na isang engineer at nagtatrabaho sa *Department of Public Works and Highways*. Mabait at maalalahanin ang binata. Sa tuwi-tuwina ay nadarama niya ang pag-ibig nito sa kanya. Akala nga niya ay natagpuan na rin niya sa wakas ang kaligayahan, subalit naglahong lahat iyon nang madestino ang binata sa Maynila at nakakilala ng iba.

Ang kabutihan nga lamang kay Ricky, kung kabutihan ding matatawag ay kinausap siya nito at inaming mayroon na itong ibang napupusuan. Pero Diyos ko naman! Para naman siyang unti-unting sinasaksak nito habang ipinagtatapat sa kanya ang totoo at ipinagmamalaki pa ang good qualities ng babaeng ipinalit nito sa kanya. Gusto nga niyang isigaw rito, *Tama na! Tama na! Ang mabuti pa kaya'y patayin mo na lang ako, kesa naman ganitong unti-unti mong kinukurot ang puso ko!*

Pero siyempre hindi niya ginawa. O.A. na iyon; hindi na realistic kasi corny na. Kaya kahit na masakit, kunwari na lang ay maluwag sa loob na natanggap niya ang pangyayari.

Ngayon sa kanyang pag-iisa ay naisip niyang hindi ang mga lalaki ang problema, siguro ay ang sarili niya mismo ang may diperensya. *Baka naman pangit ka?* tanong ng isip niya. Mabilis siyang bumangon at binuksan ang gasera. Lumapit siya sa salamin at pinagmasdan ang reflection doon.

Manipis na sedang puti ang kanyang suot na pantulog. Dala ng ihip ng hanging nagmumula sa bukas na bintana ng silid ay humahapit iyon sa kanyang katawan at hindi niya maitatangi ang bumabakat niyang alindog. Maging ang maamo niyang mukha ay mala-diyosa ang anyo. Mahaba ang itim na itim niyang buhok, expressive ang kanyang mga mata, matangos ang ilong at makinis ang napakaputing kutis.

Aawayin niya ang kanyang sarili kapag sinabihan niyang pangit siya dahil hindi totoo iyon. Maganda siya, magandang-maganda. Pero ang nakakapagtaka ay malas siya sa pag-ibig.

Siguro'y hindi ko pa lang natatapatan ang aking kasukat na tuntong, pampalakas-loob niya sa sarili.

Bago bumalik ng bayan si Natalie Kinalingguhan ay muli siyang pinaalalahanan ni Lola Matilda.

“Tandaan mo, apo ko, kung kailangan mo ng tulong, nandito lamang ako.”

“Opo, Lola, tatandaan ko.”

“Ikamusta mo na lang ako sa nanay at tatay mo, pati na rin kay Jonke.”

“Sasabihin ko po.”

“Sabihin mo na rin sa kanilang dalas-dalasan naman ang pagdalaw sa amin ng Tiyo Satur mo.”

“Paano naman ho, Lola, hanggang Sabado ang pasok ng Tatay sa opisina; si Jonke rin naman ho’y busy sa eskuwela. Eh, hindi naman ho makakapuntang mag-isa dito ang Nanay at nirarayuma na ’yon.”

“Kuu! Ano ba naman ’yung sumaglit sila dito?”

“Ang mabuti pa ho’y kayo ang magbakasyon sa amin,” panghihikayat niya.

“Alam mo namang hindi ko maiiwanang mag-isa dito ang iyong Tiyo Satur.”

“Problema ba iyon, eh, di isama ninyo siya.”

Kung Sana'y Totoo Ang Pag-ibig Mo - Melissa Santos

“Ang batang ire naman. Alam mo namang takot sa tao ’yang tiyuhin mo, eh.”

Nailing siya. “Hayaan n’yo ho’t pipilitin ko sina Nanay na magbakasyon dito.”

“O siya, sige’t lumakad na kayo ng Tiyo Satur mo at nang hindi ka gabihin sa pag-uwi sa bayan.”

“Sige po, Lola, tutuloy na ho kami.”

Mula sa Lukutang Maliit ay inihatid siya ni Tiyo Satur hanggang San Isidro kung saan mayroon nang mga jeep na bumibiyaha patungo sa bayan ng San Jose.

2

Pagdating ng Lunes, magaang-magaan na ang dibdib ni Natalie nang bumalik sa trabaho.

“O, kamusta ang soul-searching mo?” biro sa kanya ni Glecilda, ang matalik niyang kaibigan.

Ngumiti lang siya rito.

“Masakit pa ba 'yan?” tukso nito, sabay turo sa dibdib niya.

“Hindi na.”

“Ano ba ang ipinayo sa iyo ng lola mo?”

“Wala naman. Napag-isip-isip ko lang na siguro'y hindi si Ricky ang aking katapat na tuntong.”

“Ano? Anong tuntong?”

Natawa siya sa pagtataka nito. “Mamaya na nga tayo mag-usap at bumalik ka na sa window mo.”

Bago sumapit ang alas cinco ay nagpatawag ng meeting ang kanilang manager na si Mr. Salen. In-announce nito ang nakatakda nitong paglipat sa kanilang branch sa San Mateo. Sa darating na mga araw ay papalitan na ito ng kanilang bagong manager

na si Mr. Herrera.

Mag-a-alas-seis na nang makauwi sila. Magkapit-bahay sila ni Glecilda at walking distance lamang ang kanilang mga bahay mula sa bangko.

“Mabait kaya ’yung Mr. Herrera na papalit kay Mr. Salen?” wala sa loob na naitanong ni Natalie sa kaibigan habang naglalakad sila.

“Malay ko! Hindi ko pa naman nakikita iyon.”

Nainis siya rito. “Ikaw talaga, Glecilda, kahit kailan, pilosopa ka.”

Natawa ito. “Kundangan kasi’y tatanung-tanong ka pa, pareho naman nating hindi kilala ’yon.”

“Sana’y mabait din siyang katulad ni Mr. Salen, para kahit na nale-late tayo’y okay lang.”

“Sus! Eh, di gumising tayo nang maaga para hindi ma-late.”

“Alam mo, Glecilda, nakakabuwisit ka na!”

“Kasi naman ay kung anu-anong walang kuwenta iyang pinagsasabi mo. Ang itanong mo’y kung guwapo kaya ’yung Mr. Herrera na iyon o di kaya’y binata pa kaya siya?”

“Manager ng bangko? Natural may edad na’t

may asawa, ano?”

“Bah! Malay mo? Hindi pa naman natin siya nakikita.”

“Manager na nga, eh! Natural bago naging manager, marami na munang nagawa, at bago ka maka-accomplish nang marami, siyempre kailangan ng maraming panahon. At kapag nagdaan ang maraming panahon sa buhay mo, naturalmenteng madagdagan din ang edad mo. Eh, di matanda na nga!”

“Ikaw pala itong pilosopa, eh,” natatawang tukso nito. “Buti pa’y kuwentuhan mo na lang ako sa naging bakasyon mo n’ung weekend sa Lukutang Maliit.”

“Ikinuwento ko lang naman kay Lola ang nangyari sa amin ni Ricky.”

“Para ko nang nakikini-kinita na galit na galit iyon kay Ricky.”

“Oo nga, eh. Gantihan ko ba naman daw.” Natatawa siya nang maalala ang sinabi ng lola. “Baka daw gusto kong lumpuhin o di kaya’y bulagin si Ricky.”

Natawa rin ito sa narinig. “Aba, at talaga palang palaban si Lola Matilda, ano?”

“Kaya nga napapagkamalang mangkukulam’yon.”

Biglang sumeryoso ang kausap sa sinabi niya. “Alam mo, sabi ng nanay ko’y marunong nga daw talagang mangkulam ang lola mo.”

“Hindi totoo iyon. Usap-usapan lang iyon.”

“Bakit ba naman kasi parang mga ermitanyong namumundok ang lola’t tiyuhin mo.”

“Pa’no nga’y kuba si Tiyo Satur; nahihiya sa tao.”

“Pangit ba talaga iyon?”

“Hay naku! Parang character sa horror movies.”

“Ngiii! Eh, di hindi lang pala pangit, nakakatakot pa.”

“Mabait naman iyon,” biglang pagtatanggol niya sa tiyuhin.

“Mabuti na lang at hindi ka naging kuba, ano?” pang-iinis ng kaibigan.

“At bakit naman ako magiging kuba, eh, nahulog lang naman sa hagdan ang lola ko n’ung ipinagbubuntis niya si Tiyo Satur kaya nakuba siya.”

Nangingiti si Glecilda sa nakikitang pagkabuwisit

niya kaya lalo itong nang-inis. “You mean, hindi hereditary ang pagiging kuba?”

“Hindi!” pasigaw niyang sagot dito. “Alam mo, Glecilda, kanina pa ako nakakahalata. Nang-iinis ka na talaga, eh!”

Bumunghalit ito ng tawa. “Grabe, Natalie! Para kang mangkukulam. Nanlilisik ang mga mata mo sa galit, o!”

Pero galit na talaga siya at hindi na natatawa sa mga biro nito. “Sana nga’y naging mangkukulam ako para kanina ko pa pinaikli yang dila mo!” Pagkasabi niyon ay binilisan na niya ang paglalakad.

Tatawa-tawa itong humabol. “Hoy, Natalie! Hintay!”

Ngunit hanggang makarating siya sa kanila ay hindi na siya inabutan ni Glecilda. Takang-taka naman si Mang Carlitos at ang bunso niyang kapatid na si Jonke na noon ay nanonood ng TV sa sala nang pabalabag niyang isara ang pinto.

Hindi naglipat linggo at dumating na ang bagong manager ng kanilang bangko. Kaagad itong nagpatawag ng general meeting.

Halos lahat sila ay nagulat sa nakitang personalidad ng kaharap na manager. Bata pa ito, mga treinta años lang; matangkad, maputi ang makinis na kutis at bahagyang kulot ang buhok na lalo lamang nagbibigay rito ng batang kaanyuan. Nang isuot naman nito ang salamin sa mata bago magsimulang magsalita ay nagmukha itong kagalang-galang.

Ramdam na ramdam ni Natalie ang pagsiko sa kanya ni Glecilda sa tagiliran. Inis na nilingon niya ang katabi.

Hindi naman ito nagsalita; ngumiti lamang na parang sinasabi, *O, ano? Nakikita mo ba ang nakikita ko?*

Inirapan lang niya ito at itinuon na ang pansin sa guwapong manager na noon ay nagsisimula nang magsalita.

“As you know, I’m Ronald Herrera, the new manager of this branch. I—”

Walang anu-ano ay may isang maarteng boses na biglang sumabad. “Ahem! Excuse me, Sir.”

Bahagyang kumunot ang noo ng lalaki. “Yes?”

“I’m Dianne, Sir, Dianne Castañeda.” Matamis

na matamis ang pagkakangiti ng babae.

“Yes, Miss Castañeda?” kunot pa rin ang noong tanong nito.

“Sir, I want to welcome you in behalf of my officemates.”

Napangiti ang lalaki, kahit na halatang sumisipsip ang kaharap.

Nailing na napangiti si Natalie sa kakapalan ni Dianne samantalang abot-langit ang taas ng kilay ni Glecilda. Tatawa-tawa lang ang kabinataan habang nagtutulisan ang nguso ng kadalagahan.

“Thank you, Miss Castañeda, I appreciate that.”

Kilig na kilig naman si Dianne. “You’re welcome, Sir.”

Ngumiti ang lalaki bago muling nagsalita. “As I was saying....”

Parang nabatubalani si Natalie sa ngiti ng makisig na lalaki; hindi niya napigilan ang sariling lumutang at tangayin ng alapaap....

Sa isang damuhang punung-puno ng sari-saring bulaklak, may dalawang nilalang na magkaulayaw, naghahabulan sila at kapwa nagtatawanan. Nang una

ay malabo ang scenario, hanggang kalaunan ay naging malinaw na iyon na parang tubig sa batis.

Kilalang-kilala ni Natalie ang babaeng nakikita. Siya iyon! Hindi siya maaaring magkamali! Pero teka, ang lalaki? Parang si... si Mr. Ronald Herrera? Ito nga! Hindi siya maaaring magkamali. Ito ang lalaking kasama niya!

Siya ba ang katapat na tuntong ng palayok ko? tanong niya sa sarili.

Mahinang kurot sa tagiliran ang pumukaw sa kanya.

“Ano ba? Tapos na ang meeting,” mahinang bulong ni Glecilda.

Parang nagising ang dalaga mula sa isang pagkakaidlip. “H-ha?”

“Kanina ka pa nakatanga diyan, ah! Nakakahiya ka. Buti na lang at hindi ka napansin ni Sir. Ano ba’ng nangyari sa iyo?”

Namamasyal kasama ni Ronald, sigaw ng puso niya pero nung kang aminin niya iyon sa kaibigan. Nakakahiya! “Para kasi akong inantok bigla,” pag-sisinungaling niya.

“Sus! Aantukin ka, eh, kay guwapo-guwapo

n'ung kaharap natin?”

“Napuyat kasi ako kagabi.”

Nakalusot dito ang katuwiran niya; iba na ang sumunod na sinabi nito. “Grabe si Dianne kanina, ’no? Garapal tumrabaho.”

“Shh! Marinig ka.”

“Eh, ano? Totoo naman.”

“Kahit na. Kapag narinig ka n’on, siguradong malaking gulo. Gusto mo bang makalikha agad ng bad impression sa iyo si Mr. Herrera?”

Sandali itong nag-isip, kapagkuwa’y, “Thank you, Natalie. Napaglinaw mo ang isip ko.”

“Heh! Ang O.A. mo. Halika nang magtrabaho at nang ma-impress sa atin si Sir.”

“Oy! ’Oy! Natalie, at bakit nakiki-’atin’ ka, ha? Akin lang siya!”

Natawa siya sa pagbabakla-baklaan ng kaibigan. Napabungisngis din ito, wala sa loob na napalakas ang tawanan nila. Kaya parang lulubog sila sa hiya nang may isang tinig na sumaway sa kanila.

“Girls, go back to work now,” utos ni Mr. Herrera sa mababang tono.

Kung Sana'y Totoo Ang Pag-ibig Mo - Melissa Santos

“Yes, Sir! Right away, Sir!” sagot ni Glecilda sa halatang natatarantang tono at saka siya hinatak.

Isang tipid na ngiti lamang ang naisagot niya sa lalaki dahil hila-hila na siyang palayo ng kaibigan.

3

Ang sumunod na mga araw ay naging saksi sa kani-kanyang pagpapapansin ng kadalagahan sa kanilang binatang manager. Ngunit sa kanilang lahat ay nangingibabaw si Dianne dahil bukod sa mas ma-P.R. ito ay maganda at sexy pa.

“Sir, dadalhan ko na kayo ng kape.” Palagi na ay iyon ang isinasalubong ni Dianne kay Ronald sa tuwing darating ito sa umaga.

Para namang gustung-gusto iyon ng lalaki. “Thanks, Dianne.”

Kinikilig na sasagot ito ng, “You’re welcome, Sir.”

Inis na inis si Glecilda sa kaopisina, lalo na at ni hindi man lang siya pinapansin ng boss nila.

“Nakuuu! Kung marunong lang akong mangkulam, Natalie, kukulamin ko talaga iyang Dianne na iyan. Napakalandi!”

“Ang sabihin mo, naiinggit ka lang dahil hindi ka pinapansin ni Sir.”

“Hindi lang ako gan’on kagarapal.”

“Ganoon naman pala, eh. Pasensya ka.”

Hindi nito alam na si Natalie man ay lihim na nagkukukot ang kalooban at naaasar kay Dianne. Masyado itong bulgar at obvious ang pagkagusto sa kanilang manager. Minsan ay naiisip niya, *Kung totoong mangkukulam si Lola Matilda, ipakukulam ko ito, eh!*

Madalas, kapag walang nakatingin ay palihim niyang pinagmamasdan si Ronald. Kapag wala siyang ginagawa at napadaan ito sa harapan niya o di naman kaya ay natanaw niya, napapabuntunghininga siya sa kakisigan nito, lalo kapag nakangiti....

Haay! Makalaglag-puso talaga!

Pero dahil wala naman siyang kapag-a-pag-asang papansinin ng lalaki kaya ipinagkalahim-lihim niya ang pagtatangi rito. Maging sa kaibigan niya na open na open sa kanya sa pagkakaroon nito ng crush sa boss nila ay hindi niya sinasabi ang naisasaloob. Alam niyang isang araw ay kusang mawawala ang paghanga niya sa lalaki.

Habang dumadaan ang mga araw ay kabaligtaran sa inaasahan ni Natalie ang nangyayari sa kanya. Nadaragdagan ang pagnanasa niyang makita sa tuwi-tuwina ang boss nila. Halos mangalog ang tuhod

niya sa tuwing papasok siya ng opisina nito para magpapirma ng mga papeles. Walang oras na hindi niya pinangarap na makapiling ito.

Sa gabi bago siya matulog ay ipinalalagay niyang si Ronald ang katabi niyang unan. Para siyang lokalukang kinakausap ito na parang tunay silang mag-asawa at nakahanda nang matulog. Kaya naman walang gabing hindi niya ito napapanaginipan.

Nandoon iyong mapanaginipan niyang nasa kapanahunan daw sila nina Maria Clara at Crisostomo Ibarra. Naka-barong Tagalog si Ronald samantalang siya ay nakasuot ng kagaya ng mga damit ni Maria Clara habang masaya silang nag-uusap sa asotea.

Minsan naman ay napanaginipan niyang nasa kabukiran sila at hinaharana siya nito. Minsan din ay napanaginipan niya ang kasalukuyan; magnobyoraw sila ni Ronald at masayang namamasyal sa park habang magkahawak-kamay.

Kung sa dami lang sana ng panaginip nakukuha ang pagyabong ng pag-ibig sa puso ng isang lalaki, di sana ay pinapansin na siya nito. Pero mukhang hanggang sa pangarap lang siya makakapuntos.

Isang araw na hindi nakapasok si Glecilda dahil

nagkatrangkaso ito ay kinailangang mag-overtime ni Natalie. Mag-a-alas-siete na nang maghanda siya sa pag-uwi. Malapit na siya sa pinto ng bangko nang may tumawag sa kanya.

“Natalie!”

Natigilan siya, hindi maintindihan kung bakit biglang-bigla na lang nanlamig ang pakiramdam niya at nanginig ang kanyang katawan. *Diyos ko!* sabi ng isip niya. *Kilalang-kilala ko ang tinig na iyon!*

“Natalie.” Nakalapit na sa kanya ang may-ari ng boses.

Unti-unti siyang pumihit paharap. At nakita si Ronald na dala-dala ang attaché case nito at pauwi na rin. “S-Sir?” mahinang sambit niya.

“Pauwi ka na ba?” nakangiting tanong nito.

“Yes, Sir.”

“Wala kang kasabay, ano? Absent ’yung kaibigan mo.”

“Oho.”

“Come, I’ll give you a lift.”

“Naku, Sir, huwag na ho! Malapit lang naman ang bahay namin dito, eh. Walking distance lang.”

“Mas lalo pala kitang dapat ihatid kung gan'on.”

“Ho?”

“Hindi mabuti para sa isang magandang dilag na katulad mo ang maglakad nang nag-iisa kapag ganitong gabi na.”

Nag-init ang kanyang mga pisngi at parang umurong ang dila niya.

“Natalie?” untag ng lalaki; ang tono nito ay parang naglalambing.

“Huwag na po, Sir, at maaabala pa kayo,” nakuha niyang sabihin.

“Hindi ka makaaabala. Besides, hindi naman ako mapapakali kapag pinabayaan kitang maglakad nang mag-isa.”

“Sasakay na lang ho ako ng tricycle, Sir, para hindi kayo mag-alala.”

Kumunot ang noo nito. “Natatakot ka ba sa akin?”

“Naku, Sir, hindi ho! Nahihiya lang ho akong talaga sa inyo.”

“Ano naman ang dapat ikahiya? Basta't sasabay ka sa akin,” utos nito. “Halika na.”

Wala na siyang nagawa kundi ang sumabay sa lalaki papunta sa kotse nito.

Habang sakay sila ng kotse ay lihim na pinapagalitan ni Natalie ang sarili. Tanong nang tanong sa kanya si Ronald at parang gustong magsimula ng conversation pero ayaw makisama ng utak at dila niya. Sasagutin lamang niya ang tanong nito at pagkatapos ay tatahimik na ulit siya. Ayaw maalís ng kabog sa kanyang dibdib kaya hindi siya makapag-isip nang matino. Naiinis siyang baka isipin ng lalaki na napaka-lousy niyang kausap.

Gayunman, hindi niya ito nakalimutang anyayahan bumaba nang makarating na sila sa kanila. “Sir, magkape ho muna kayo.”

“Sa ibang araw na lang at may lakad pa ako.”

“Gan'on ho ba? Thank you na lang ho, Sir.”

“Okay. 'See you tomorrow, Natalie,” sabi nito bago pinaandar ang kotse.

Naglalakad na ang dalaga papasok ng tarangkahan nila ay tulala pa rin siya. Parang sasabog ang dibdib niya sa kaligayahan. Ni hindi nga niya sukat akalaing kilala pala siya ng lalaki sa kanyang first name.

At inihatid pa siya nito sa kanila! *Haay! Kapag sinusuwerte ka nga naman!*

Kinabukasan ay hindi pa rin nakapasok si Glecilda. Miyerkules noon at nakaugalian na nilang magkaibigan ang mag-novena sa Mother of Perpetual Help.

Alas seis pa ang simula ng novena kaya hindi nagmadaling makalabas ng bangko si Natalie nang sumapit ang ikalima. Treinta minutos siya sa loob ng ladies' room. Nang lumabas siya roon ay tahimik na tahimik na sa loob ng bangko kaya inakala niyang wala nang tao. Laking gulat niya nang abutan sa lobby si Ronald.

Kaagad na napangiti ang lalaki nang makita siya. "Hi!" bati nito nang ganap na siyang makalapit dito.

"Nandito pa ho pala kayo, Sir."

"Hinihintay talaga kita."

"Ho?"

Nakangiti pa rin ito. "Gusto ko na sanang inumin'yung kapeng iniaalok mo sa akin kagabi."

Saglit na nagtalo ang loob niya. Ikawalong linggo

Kung Sana'y Totoo Ang Pag-ibig Mo - Melissa Santos

na niya sa pagno-novena at ayaw niyang masira iyon. “Sir, pasensya na ho kayo pero magno-novena ho ako,” sa wakas ay sagot niya.

“Gan'on ba? Di sige, sasama ako sa iyo.”

“S-Sir?”

“Oo. Two Sundays na nga akong hindi nakaka-pagsimba.”

“S-sige, kung sasama kayo'y tayo na ho.”

Sakay sila ng kotse nito papunta ng simbahan ng San Jose nang tanungin siya. “Kamusta na ang kaibigan mo? Hindi pa ba siya magaling?”

“Hindi pa nga ho. Siguro ho'y sa Monday na siya makakapasok.”

“Natalie, puwede bang ‘Ronald’ na lang ang itawag mo sa akin?”

“Sir?”

“O, hayan ka na naman. Ronald na lang. Hindi naman siguro kalakihan ang tanda ko sa iyo. How old are you anyway?”

“Twenty-seven ho.”

“See? I'm only thirty, kaya huwag mo na akong

pinopopo.”

“Pero boss ko ho kayo, eh.”

“Kahit na. Ako naman ang nag-uutos sa iyo na huwag mo akong tawagin ng Sir. Ronald lang, okay?”

“I-ikaw ang bahala.”

Pagkagaling ng simbahan ay niyaya siya ni Ronald na maghapunan sa isang restaurant at hindi niya ito natanggihan. Habang kumakain sila ay asikasung-asikaso siya nito.

“Tama na. Hindi ko na mauubos ito,” pigil ni Natalie nang akmang lalagyan pa nito ng pagkain ang kanyang pinggan.

“Ang hina mo palang kumain.”

“Ano bang mahina? Hayan nga’t halos maimpatso na ’ko,” ganting biro niya.

Mayamaya ay tinitigan siya nito. “Akala ko n’ung una’y suplada ka.”

Nagulat siya. “Ako? Suplada? Nagpapatawa ka ba?”

“Nagkamali nga ako ng first impression sa iyo.”

“Talagang mali. Ang bait-bait ko yata,” sabi niya rito nang nakatawa.

Ang dami-dami pa nilang pinagkuwentuhan. Nalaman niyang may sense of humor pala ito at talagang gentleman kaya naman palagay na palagay na ang loob niya rito bago sila lumabas ng restaurant.

Habang sakay ng kotse papunta sa kanila ay tuloy pa rin ang kuwentuhan nila; hindi na katulad nang nakaraang gabi na isang tanong, isang sagot lang siya rito.

“May gusto akong itanong, Natalie, pero nag-aalala akong baka magalit ka.”

“Ano ’yon?”

“Hindi ka magagalit?”

“Basta ba’t hindi kagalit-galit ’yung itatanong mo.”

“May boyfriend ka na ba?”

Natawa siya. “Para iyon lang pala.”

“Hindi ka galit?”

“Hindi.”

“Ano’ng sagot mo sa tanong ko?”

“Ano sa palagay mo?”

“Hindi ako mapalagay.”

“Narinig ko na ’yan!”

“Gan’on ba?”

“Oo.”

“Sige, seryoso na. May boyfriend ka na ba?”

“Wala pa.”

“Yang ganda mong ’yan?”

“Tatanung-tanong ka, ayaw mo naman maniwala.”

“O sige, naniniwala na ako.”

“Ikaw? May girlfriend ka na ba?”

“Wala pa rin.”

“Pihikan ka siguro?”

“Hindi naman. Wala lang magkamali.”

“Pa-humble ka pa.”

Tamang-tama namang nasa tapat na sila ng bahay ng dalaga kaya naputol na roon ang kanilang pag-uusap. Alas nueve na ng gabi noon; hindi nila namalayan ang oras. Inanyayahan niyang tumuloy

si Ronald.

Pagbungad pa lamang nila sa pinto ay sinalubong na siya kaagad ni Jonke na hindi napuna ang kanyang kasama. “Ate, lagot ka sa Nanay! Kanina pa sila alalang-alala sa ’yo.”

Gustung-gusto niyang sugurin ang kapatid at lapirutin ang tainga nito kung di nga lang siya nahihiya sa bisita. “Tawagin mo na ang mga Nanay, Jonke. Sabihin mong nandito na ’ko.”

Tututol pa sana ito nang mapuna ang kasama niya. “Ate, sino siya?”

“Boss ko. Bilis! Tawagin mo na sila.”

Nang makaalis ang kapatid ay pinaupo niya ang bisita. “Gusto mo ng kape?”

Umiling ito. “Hindi na. Katatapos lang natin, di ba?”

Sa lalabas naman ang kanyang mga magulang. “Natalie, Hija. Saan ka ba nagsuot? Kanina pa tapos ang misa, ah!” salubong ni Aling Miguela.

“Nay, ’Tay, may kasama ho ako. Si Ronald ho, manager namin sa bangko,” pagpapakilala niya sa kasama. “Ronald, ang nanay at tatay ko.”

“Kamusta po kayo?” magalang na tugon ng lalaki, sabay abot ng kanang kamay nito.

“Mabuti naman, Hijo. Natalie, hindi mo man lang ikuha ng maiinom ang bisita mo,” sabi ng nanay niya na halatang na-impress sa kaguwapuhan ng kaharap.

“Huwag na po’t katatapos lang ho namin ni Natalie,” sagot ni Ronald. “Kaya nga po siya ginabi’y dahil niyaya ko pa siyang maghapunan pagkatapos ng misa. Pasensya na po kung nag-alala kayo.”

“Naku, walang anuman iyon, Hijo! Sabi nga nitong si Carlitos ay baka nayaya ng mga kaopisina itong anak namin, eh.”

“Nalibang ho kasi kami ni Natalie sa pagku-kuwentuhan.”

“Huwag kang mag-alala, Hijo, naiintindihan namin,” sabi pa ng nanay niya habang pagkatamis-tamis ang ngiti nito.

Hindi naman nagtagal ang lalaki at nagpaalam na ito. Nang makaalis ito ay katakut-takot ang tanong ng kanyang nanay at kapatid.

“Ate, nanliligaw ba sa iyo ’yon?”

“Hindi!”

“Paano mo naman nasabing hindi, Anak?”

“Nay, hindi ho talaga.”

“Bakit kasama mong nagsimba at pagkatapos ay niyaya ka pang kumain ng hapunan at inihatid ka pa dito?” sabad ni Jonke.

“Aba, ewan ko! Di siya ang tanungin n’yo pagbalik niya dito.”

“Akala ko ba’y hindi mo manliligaw, eh, bakit babalik pa dito?” tanong ulit ng kapatid niya.

Oo nga naman! Bakit babalik kung hindi naman nanliligaw? “Ang ibig kong sabihin ay kung babalik siya.”

“Nagsabi bang babalik siya, Hija?”

“Hindi ho, ’Nay.”

“Patay kang bata ka!” eksaheradong sabi ni Jonke.

“Bakit?”

“Kasi halatang gusto siya ng Nanay para sa iyo, Ate. Di ba, ’Nay?”

“Aba! At bakit hindi mo magugustuhan ang batang iyon para sa ate mo? Bukod sa guwapo na’t

magalang pa ay manager pa ng bangko. Aba! Suwerte ka, Natalie, kapag siya ang nakatuluyan mo.”

“Nay naman!”

Sumabad na rin ang kanina ay nakikinig lang na si Mang Carlitos. “Ma’no nga, Miguela, tigilan n’yong dalawa ni Jonke itong si Natalie. Aba’y kakikilala mo lang d’on sa lalaking iyon, idinuduldol mo na agad sa anak mo.”

“Carlitos, hindi na bata ’yang anak mo. Pasasaan ba’t mag-aasawa rin iyan. Mabuti nang doon siya mapunta sa mapapaayos ang buhay niya.”

“Kabuti-buti nga’t hindi nakakaisip mag-asawa ’tong anak mo.”

“Carlitos, hindi ko pinangarap na tumandang dalaga iyang anak mo.”

“Nay, ’Tay, tama na ho iyan. Talo kayo nang talo’y hindi naman ako nililigawan ni Ronald.” Tumayo na siya. Naiwan ang tatay at nanay niyang nagsisisihan.

4

Sa sumunod na mga araw ay naging magulo ang pag-iisip ni Natalie. Hindi niya alam kung nanligaw ba o nakikipagkaibigan lang sa kanya si Ronald. Dahil bagaman inihahatid siya nito sa kanila tuwing hapon at niyayaya sa pagkain sa labas, at sumasama sa kanya sa pagsisimba ay hindi naman ito bumabanggit ng tungkol sa pag-ibig.

Hindi ito tuwirang nagsasabi ng anumang tungkol sa damdamin nito kaya para siyang nangangapa sa dilim. Pero ang kanilang mga kaopisina ay paniwalang-paniwalang nililigawan siya ni Ronald. Naging ilag tuloy ang mga binata nilang kasamahan samantalang ang kadalagahan ay inggit na inggit sa kanya, lalo na si Dianne na sa tuwi-tuwina ay nahuhuli niyang nakairap sa kanya.

Tuwang-tuwa naman para sa kanya si Glecilda.

“Ang suwerte-suwerte mo naman, Natalie! Imagine, sa dinami-dami ng nagkakagusto kay Sir Ronald, ikaw ang niligawan niya.”

Natawa siya. “Hindi ka galit dahil ako ang napansin ng crush mo?”

“Of course not! Itong bruhang ’to, ano naman ang akala mo sa akin? Masama ang pag-uugali?”

“Hmp! Kung hindi pa kita kilala,” biro niya rito.

“I’m so happy for you talaga. Kahit na hindi ako ang niligawan ni Ronald, masaya na akong sa iyo siya napunta at hindi sa Dianne na iyon. Buti nga sa kanya! Wa-epek ang pagpapa-charming niya.”

“Napapansin ko ngang asar siya sa akin.”

“Huwag mo siyang pansinin. Naiinggit lang ’yon.”

Hay naku, Glecilda! Kung alam mo lang na gulung-gulo ako sa sitwasyon namin ni Ronald, sabi niya sa isip.

Habang tumatagal ay nagsasawa na si Natalie sa sitwasyon nila. Ni hindi niya mailabas kay Ronald ang tunay na nadarama. Pakiramdam niya ay sasabog na ang kanyang dibdib dala ng kinikimkim na pagmamahal dito habang ito naman ay kontento nang ganoon lang sila— walang pormal na commitment.

Minsang may kailangan siyang papirmahan sa lalaki ay tuluy-tuloy siyang pumasok sa opisina nito. Laking gulat niya nang abutan doon si Dianne na may pinapipirmahan din sa boss nila. Nakadukwang ang babae na parang sinasadyang ipakita ang nasa loob ng

malalim na neckline ng damit nito. Pinagpapawisan naman si Ronald kahit na air-conditioned ang opisina.

“Ehem!” pagpapapansin niya sa dalawa.

Parang nabahala ang lalaki nang makita siya. Kaagad itong dumeretso ng upo at pinapormal ang mukha. Matapos mapapirmahan ang mga dalang papeles ay nginitian pa siya ni Dianne na parang nakakaloko bago ito tuluyang lumabas ng silid.

Gustung-gusto niyang ipakita kay Ronald na nagseselos siya pero hindi niya ipinahalata. Sa loob-loob niya ay wala naman silang pormal na relasyon kaya wala siyang karapatang magselos.

Walang kibong ipinakita niya rito ang pinapipirmahan. Papalabas na siya ng silid nang tawagin siya nito. Pormal na pormal pa rin ang kanyang mukha nang lingunin ito. “Yes?”

Hindi ito kaagad nakapagsalita na tila nag-iisip ng sasabihin sa kanya. “No, never mind. Just forget it.”

Nagkibit siya ng balikat saka lumabas ng silid.

Biyernes noon, at nakagawian na nila ni Ronald na kumain ng hapunan sa labas tuwing Biyernes ngunit dala ng pangyayari ay parang nawalan na ng

gana si Natalie na sumama rito. Bago mag-alas-cinco ay lumabas na siya ng bangko. Nagdahilan siya kay Glecilda na masakit ang kanyang ulo.

“Ang mabuti pa kaya’y pahatid ka kay Ronald,” sabi ng kaibigan.

“Marami pa siyang ginagawa, eh,” pagsi-sinungaling niya. “Magta-tricycle na lang akong pauwi.”

“Sigurado ka? Hintayin mo na kaya ako.”

“Ano ka ba naman, Glecilda, masakit na nga ang ulo ko’y paghihintayin mo pa ako!”

Nagulat ito, hindi nakapagsalita.

Nagsisi siya sa inasal. Hindi tama na ito ang pagbuntunan niya ng inis gayong inaalala lang nito ang kanyang kapakanan. “I’m sorry,” paghingi niya ng paumanhin. “Pero huwag mo akong alalahanin, kaya kong umuwing mag-isa.”

“Sigurado ka?”

Tumango siya. “Sige, mauna na ako.”

Naiwang nagtataka si Glecilda. Uwian na nang tanungin siya ni Ronald kung nasaan ang kaibigan niya.

“Hindi ba siya nagpaalam sa 'yo?” takang tanong niya.

“Bakit, saan siya nagpunta?”

“Umuwi na siya kanina pa. Masakit daw ang ulo niya.”

“Pero bakit hindi siya nagpahatid sa akin?”

“Iyon nga rin ang sabi ko pero ang sabi niya'y marami kang ginagawa.”

Iiling-iling na tumalikod ang lalaki. Para namang nahulaan na ni Glecilda ang nangyari sa dalawa.

Malalim na ang gabi ngunit hindi pa rin dalawin ng antok si Natalie. Kahit ano ang gawin niya ay pilit na nagbabalik sa kanyang isipan ang inabutang eksena sa loob ng opisina ni Ronald. At sa tuwing maaalala niya ang tila naaakit na hitsura nito sa harapan ni Dianne ay lalong nagkukukot ang kanyang kalooban at nagduda sa tunay na damdamin sa kanya ng lalaki. Mukhang hindi naman siya mahal nito. Baka pakikipagkaibigan lang ang dahilan ng pakikipaglapit nito sa kanya.

Hindi! tutol ng kanyang puso. *Hindi ko matatanggap!*

Pero ano'ng magagawa mo kung hindi ka niya mahal? pagkuwa'y kutya ng utak niya. Eh, di wala!

Biglang-bigla ay may ideyang kumislap sa kanyang isip.

“May alam akong paraan, Natalie. Gayuma! Gagayumahin mo ang lalaking mapupusuan mo!” naalala niyang sabi sa kanya ni Lola Matilda.

Bakit nga hindi?

Kinabukasan, nagpunta si Natalie sa Lukutang Maliit. Kaagad niyang sinabi kay Lola Matilda ang sadya.

“Lola, nahihiya ako sa iyo pero mahal ko talaga si Ronald at hindi ko makakayang makita siyang kapiling ng iba.”

Tumatangu-tango ang matanda. “Nauunawaan ko, Natalie; nauunawaan kita, Apo.”

Napangiti siya. “Salamat, Lola.”

“Halika, sumunod ka sa akin,” yaya nito.

Pumasok sila sa silid nito. Laking gulat niya nang itulak nito ang aparador at tumambad sa kanya ang isang hagdan pababa sa ilalim ng lupa. Manghang-

mangha siya sa natuklasan. Hindi niya akalaing may lihim na underground pala sa bahay ni Lola Matilda.

Madilim na madilim sa loob niyon. Hawak-hawak lamang siya sa kamay ng matanda kaya hindi siya nadadapa.

Nang tuluyan silang makababa ay sinindihan nito ang isang lampara. Sa isang bahagi ng dingding ng silid ay punumpuno ng mga botelyang may laman; ang isang bahagi naman ay punumpuno ng mga lumang libro. Para siyang kinabahan nang makakita ng isang kawa sa sulok ng underground; kinilabutan siya nang makita ang napakaraming manyikang basahan sa isang aparador na may salamin.

“Lola, diyata’t totoo ngang isa kang....” Hindi niya maituloy ang sasabihin.

“Mangkukulam?” tuloy nito.

“Mangkukulam ka nga ba, Lola?”

“Hindi, Natalie, hindi. Totoong marami akong kaalaman tungkol sa mahika at kababalaghan subalit hindi ko naman ito ginagamit sa kasamaan, puwera na lamang kung may naagrabyado sa mga mahal ko sa buhay.”

“Ang ibig bang sabihin nito’y lahi tayo ng

mangkukulam, Lola?”

“Ang bawat kaalaman ay pinag-aaralan, Natalie. Kahit sino’y maaaring maging mangkukulam kung pag-aaralan niya ito at aalamin ang bumabalot na hiwaga dito. Ang lahat ng ito’y natutunan ko dahil pinagsikapan kong alamin. Kung nanaisin mo’y maaari kitang turuan.”

Siya? Magiging mangkukulam? *No way!* tanggi ng beauty niya. *Wala akong balak maghalo ng kawa at magtusok ng karayom sa manyika!* “Ayoko ho, Lola. Sapat na sa aking bigyan n’yo ako ng gayumang gagamitin ko kay Ronald.”

Nagkibit-balikat ito. “Bueno, tingnan natin kung ano ang pinakamabisang gayuma sa panahong ito.”

Kinuha ni Lola Matilda ang isang libro at binuklat iyon, ilang sandaling pinasadahan ang ilan sa pahina at kapagkuwan ay muli siyang hinarap. “Dalawang gayuma ang alam kong mabisa sa ikaapat na kuwarter ng taon, dangan nga lamang at may kahirapan itong gawin.”

“Ano po ba iyon, Lola?” excited na tanong niya.

“Ang una’y ang hindi mo pagpaligo sa loob ng isang linggo.”

“Isang linggo? Napaka-unhygienic naman n'on.”

“Pero ito ang mas madali, Apo. Iipunin mo lamang ang libag mo sa loob ng tatlong araw, pagkatapos ay papatakan mo ng ibibigay ko sa iyong likido ng pag-ibig at pagkatapos ay ihahalo mo iyon sa kakanin gaya ng suman o halayang ube na maaari mong ipakain sa lalaking nais mong gayumahin at hayun na! Iibigin ka na ng lalaking napupusuan mo.”

“Pero, Lola, hindi ko maaatim na hindi maligo ng isang linggo,” reklamo niya. “At saka, yucky naman 'yung ipinagagawa n'yo. Iba na lang ang ibigay n'yo sa akin.”

“Mas mahirap itong pangalawa dahil kinakailangan mong pumatay ng isang pusang itim.”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. “Pumatay ng pusa? Hindi ba't masama iyon?”

“Nagiging masama lang iyon kung papatay ka nang walang dahilan pero kapag ginamit mo ito bilang gayuma sa minamahal ay umaakyat sa langit ang kaluluwa ng pusa at nahuhugasan ang kasalanan mo sa pagpatay sa kanya.”

“Gan'on ho ba 'yon?”

“Oo, Apo. Pagkatapos mong patayin ang pusang

itim ay susunugin mo ito at kukunin ang abo at ilalagay sa isang garapon. Papatakan mo ito ng likido ng pag-ibig at ang kailangan mo na lang gawin ay ang hipuin ang ulo ng binatang iniibig mo.”

“Hipuin ang ulo? Paano kung ulo ng iba ang mahipo ko?”

“Matapos mong ipatak ang likido ng pag-ibig sa abo ng pusang itim ay mayroon kang siyam na oras para hipuin ang ulo ng lalaking iniibig mo. Sa sandaling makahipo ka na’y awtomatikong mawawala na ang bisa nito. Tandaan mo, isang beses mo lang gagamitin iyon. Sakaling pumalpak ka’y itapon mo lamang ang abo sa garapon at mawawala na ang pagtingin sa iyo ng lalaki. Ngunit kailangang humuli ka ulit ng pusang itim at ulitin ang pamamaraan para sa taong gagayumahin mo.”

“Ang hirap naman, Lola; parang hindi ko ho magagawa.”

“Huwag kang mag-alala, Natalie. Ang Tiyo Satur mo ang bahalang maghanap ng pusang itim pero kailangang ikaw ang pumatay.”

“Iyon nga ang mahirap d’on, Lola. Parang hindi ko makakayang pumatay ng pusa. Di bale sana kung manok lang ang papatayin ko.”

“Kung gan'on ay ang unang paraan na lang ang gawin mo.”

“Hindi rin puwede, Lola. Kadiri naman 'yon.”

Naiinis na si Lola Matilda sa kakulitan ng apo. “Kung gan'on ay wala kang gagawin kundi ang pumatay ng pusang itim.”

“Hindi bale na lang, Lola,” pagsuko niya.

“Kailangang gawin mo ito, Natalie, kung di'y nakatakda kang maging isang matandang dalaga.”

“Ho?”

“Oo. Kung di mo gagawin ito'y tatanda kang dalaga at wala nang sinuman ang iibig pa sa iyo dahil alam mo na ang kabilang lihim ng pag-ibig.”

Natakot siya. “Totoo ho?”

“Huwag kang mag-alala, Apo. Papainumin ko ng pampatulog ang pusang itim para maging madali mo siyang mapatay.”

Wala na siyang nagawa nang utusan nito si Tiyo Satur na maghanap ng pusang itim. Bago dumilim ng Sabado na iyon ay may dala-dala nang pusang itim ang tiyuhin.

“Handa na ang lahat, Natalie,” sabi ni Lola

Matilda. “Bukas ng umaga’y pumasok ka sa loob ng gubat at doon isagawa ang pagpatay at pagsunog sa pusang itim.”

Maaga pa nang lisanin ni Natalie ang bahay ni Lola Matilda para magtungo sa loob ng gubat. Dala niya ang isang sako kung saan nandoon ang pusang itim na natutulog dahil sa pulbos ng ugat ng punong inihalo ng matanda sa pagkain nito. Sa loob ng kanyang backpack ay naroon ang matalas na kutsilyong ipanggigilit niya sa leeg ng pusa, isang bote ng gas, posporo at garapon na paglalagyan niya ng abo.

Mahaba-haba rin ang lalakaran niya bago makarating sa pinakagitna ng gubat. Hindi naman siya natatakot dahil nang bata pa siya ay sanay na siyang maglabas-masok doon sa tuwing magbabakasyon sa bahay ni Lola Matilda. Ang inaalala niya ay kung paano itutuloy ang gagawing pagpatay sa pusang dala-dala.

Nang nakaraang gabi ay hindi siya halos nakatulog sa pag-iisip. Totoong mahal na mahal niya si Ronald at nakahanda siyang gawin ang lahat, mapaibig lamang ito. Pero ang pumatay ng pusa? Ni minsan sa buhay niya ay hindi pa siya nakakakita ng isang

pusang pinapatay. Asong pinapatay, oo, nakakita na siya minsan sa mga lasenggerong kapitbahay nila, pero pusa?

Ano kaya't pumunta na lang ako sa magsi-siopao?

Mag-iisang oras na siya sa gitna ng gubat, naihanda nang lahat ng kanyang gagamitin, ang kulang na lang ay ang paggilit sa leeg ng pusa.

Ano pa'ng hinihintay mo? tanong ng isip niya. Gawin mo na't nang mapasaiyo na pag-ibig ni Ronald!

Lakas-loob niyang hinawakan ang leeg ng pusa habang hawak sa kanang kamay ang matalas na kutsilyo. Nanginginig siya habang unti-unting inilalapit ang talim ng kutsilyo sa leeg nito; damang-dama niya ang paghinga ng natutulog na pusa. Pikit-matang hihiwain na sana niya ang leeg nito nang may marinig siyang malakas na putok.

Putok ng baril! Binitawan niya ang pusa at iginalang mga mata. Wala naman siyang makitang tao o kahit ano. Ipagpapatuloy na sana niya ang paggilit sa leeg ng pusa nang mamataan niya ang isang kalapati sa may ugat ng malaking puno. Nilapitan niya ito.

Nakalugmok ang kalapating kulay abo. Akala niya ay may sugat lamang ito subalit nang buhatin niya ay nalaman niyang patay na ito. Awang-awa siya

sa kalapati. Naisipan niya iyong ilibing.

Magsisimula na sana siyang gumawa ng mababaw na hukay nang bigla siyang may naisip. *Bakit nga ba hindi?*

Dinala niya ang patay na kalapati sa kinalalagyan ng pusang itim, binuhusan iyon ng gas at saka sinindihan.

Panatag ang loob ni Natalie habang hinihintay na tuluyang masunog ang kalapati.